



**Certificate in Biblical Studies  
CBS500 Ang Mga Propeta**

**CBS504 Ezekiel  
Conrad Jun Tolosa**

**Panimula: Pagkatapon sa Babilonya (593 B.C.)**

Si Ezekiel ay isang batang pari, kabilang sa mga mataas na uri ng mga Hudyo na ipinatapon sa Babilonya nang masakop ni Haring Nebucadnezar ang Jerusalem noong 597 B.C. Nakatayo pa ang lungsod ng Jerusalem, ngunit nasa ilalim ng kontrol ng Babilonya, at ang mga tao ni Ezekiel ay nabubuhay sa kawalan ng katiyakan, umaasa na makakabalik sila sa kanilang lupain. Sa gitna ng kaguluhang ito, limang taon matapos ang pagkatapon, si Ezekiel ay nakaranas ng makapangyarihang pakikipagtagpo sa Diyos—isang pangyayaring magbabago sa takbo ng kanyang buhay magpakailanman.

**Ang Pangitain ng Kaluwalhatian ng Diyos (Ezekiel 1)**

Sa edad na 30, ang taon kung kailan dapat magsimula si Ezekiel sa kanyang tungkulin bilang pari sa Templo, siya ay nasa Babilonya, kasama ng kanyang mga kababayang ipinatapon malapit sa Ilog Kebar. Ngunit may mas dakilang tawag para sa kanya ang Diyos. Isang araw noong 593 B.C., nakakita si Ezekiel ng isang pangitain ng kaluwalhatian ng Diyos. Nabuksan ang langit, at nakita niyang may paparating na isang ulap na may kidlat at apoy.

Sa loob ng ulap ay may apat na nilalang na buhay, bawat isa’y may mukha ng tao, leon, baka, at agila, at sa kanilang tabi ay mga gulong na kumikislap at puno ng mga mata. Sa itaas nila, nakita ni Ezekiel ang isang trono na yari sa sapiro, at nakaupo dito ang isang anyo ng tao na nag-aapoy at napapaligiran ng maningning na liwanag. Ito ang anyo ng kaluwalhatian ng Diyos.

Sa takot, si Ezekiel ay nagpatirapa sa lupa, ngunit narinig niya ang isang tinig.

**Ang Pagtawag kay Ezekiel (Ezekiel 2-3)**

Nangusap ang Diyos kay Ezekiel, tinawag siya upang maging propeta sa Israel—isang bayan na mapanghimagsik at matigas ang ulo. Binalaan siya ng Diyos na maaaring hindi sila makikinig, ngunit kailangan pa rin niyang ipahayag ang mensahe ng Diyos. Inutusan siya ng Diyos na tumayo, at nang gawin niya ito, pumasok sa kanya ang Espiritu ng Diyos, binigyan siya ng lakas upang sumunod.

Sa isang symbolic act, iniabot ng Diyos kay Ezekiel ang isang scroll na puno ng mga salita ng pagluluksa at kapighatian, at iniutos na kainin ito. Sa kabila ng mapait na mensahe ng hatol na nilalaman nito, ang scroll ay matamis sa kanyang bibig, tanda na kahit ang mahirap na mensahe mula sa Diyos ay mahalaga at dapat sundin.

Mula noon, si Ezekiel ay naging tagapagbantay ng bayan ng Israel. Ang kanyang tungkulin ay bigyang babala sila tungkol sa nalalapit na hatol. Kung hindi niya ito ginawa, ang kanilang dugo ay nasa kanyang mga kamay. Ngunit kung siya ay magbibigay ng babala at hindi sila makinig, maliligtas siya mula sa kanilang kaparusahan.

### **Mga Makasagisag na Kilos at mga Hula sa Pagbagsak ng Jerusalem (Ezekiel 4-7)**

Di-nagtagal pagkatapos ng kanyang pagkatawag, inutusan ng Diyos si Ezekiel na gumanap ng symbolic prophecies upang ipakita ang paparating na pagkubkob at pagkawasak ng Jerusalem. Una, siya ay magtatayo ng isang modelo ng Jerusalem sa ilalim ng pagkubkob gamit ang mga clay brick, na nagpapakita sa mga tao kung paano ang kanilang lungsod ay mapapaligiran ng mga kaaway. Pagkatapos, inutusan siyang humiga sa kanyang kaliwang bahagi sa loob ng 390 araw, na sumasagisag sa mga taon ng kasalanan ng Israel, at sa kanyang kanang bahagi sa loob ng 40 araw para sa mga kasalanan ng Juda. Dapat niyang i-rasyon ang kaniyang pagkain at tubig, na kumakatawan sa gutom na kakaharapin ng mga tao sa Jerusalem sa panahon ng pagkubkob.

Bukod pa rito, pinutol ni Ezekiel ang kanyang buhok at balbas, at hinati ito sa tatlo: isang bahagi ay sinunog, isang bahagi ay tinaga ng espada, at isang bahagi ay pinatapon sa hangin. Ang dramatikong pagkilos na ito ay sumasagisag sa kapalaran ng mga tao—ang ilan ay mamamatay sa apoy, ang iba ay sa espada, at ang iba pa ay ipapatapon sa iba't ibang lugar.

Sa kabila ng mga babala, nanatiling matigas ang mga tao. Laganap ang pagsamba sa mga diyus-diyosan sa Jerusalem, at naubos na ang pasensya ng Diyos. Ipinahayag ni Ezekiel ang nalalapit na pagbagsak ng Jerusalem, hinahatulan ang mga tao dahil sa kanilang pagsuway, karahasan, at pagsamba sa mga idolo.

### **Mga Pangitain ng Kasalanan ng Jerusalem at Pag-alis ng Kaluwalhatian ng Diyos (Ezekiel 8-11)**

Noong 592 B.C., dinala ng Diyos si Ezekiel sa isang pangitain sa Templo sa Jerusalem. Doon, ipinakita kay Ezekiel ang mga lihim na kasalanan ng bayan. Nakita niya ang mga matatandang sumasamba sa mga diyus-diyosan sa loob ng Templo, mga babaeng nagluluksa para kay Tammuz, at mga lalaking sumasamba sa araw sa mga pintuan ng Templo—mga kasuklam-suklam na gawain sa paningin ng Diyos. Nasaksihan ni Ezekiel ang malalim na pagtataksil ng Israel, at ipinahayag ng Diyos na darating na ang Kanyang poot sa lungsod.

Sa isa pang pangitain, nakita ni Ezekiel ang kaluwalhatian ng Diyos, na dating nananahan sa Templo, na unti-unting umaalis. Mula sa Kabanal-banalan, lumipat ang kaluwalhatian sa pintuan ng Templo, at sa huli, sa Bundok ng mga Olibo, iniwan ang lungsod na walang depensa. Ang pag-alis ng kaluwalhatian ng Diyos ay nangangahulugang natapos na ang Kanyang proteksyon sa Jerusalem.

Ngunit sa gitna ng hatol na ito, nagbigay ang Diyos kay Ezekiel ng pangako ng pag-asa. Bagamat ang mga tao ay ikakalat, muli Niya silang titipunin. Nangako ang Diyos na bibigyan Niya sila ng bagong puso at bagong espiritu, aalisin ang kanilang pusong bato at papalitan ng pusong laman (Ezekiel 11:19). Ito ay isang tanda na ang huling plano ng Diyos ay ang panunumbalik ng Kanyang bayan.

### **Pagbagsak ng Jerusalem at Kamatayan ng Asawa ni Ezekiel (Ezekiel 24)**

Noong 586 B.C., natupad ang mga propesiya ni Ezekiel. Nasakop ng mga Babilonyo ang Jerusalem, sinira ang Templo, at dinala ang mas marami pang tao sa pagkatapon. Kasabay nito, namatay ang asawa ni Ezekiel, na labis niyang minamahal. Ngunit iniutos ng Diyos na huwag siyang magluksa nang hayagan, bilang isang tanda sa mga ipinatapon na kailangang tanggapin ang kanilang pagluluksa para sa pagbagsak ng Jerusalem nang hindi naglalabas ng mga damdamin sa publiko.

### **Mga Propesiya Laban sa mga Bansa (Ezekiel 25-32)**

Matapos ang pagbagsak ng Jerusalem, inilahad ni Ezekiel ang mga hula laban sa mga kalapit na bansa—Ammon, Moab, Edom, Filistia, Tiro, Sidon, at Ehipto. Ang bawat isa ay nagdiwang sa pagbagsak ng Jerusalem o nagsamantala sa Israel. Ipinahayag ni Ezekiel na ang hatol ng Diyos ay hindi lamang limitado sa Kanyang sariling bayan, kundi aabot din sa mga bansang ito.

Ang isa sa mga pinakakapansin-pansing propesiya ay laban sa makapangyarihang lungsod ng Tiro (Ezekiel 26-28). Ipinahayag ni Ezekiel ang kumpletong pagkawasak ng lungsod, at sa katunayan, matapos ang matagal na pagkubkob, bumagsak ang lungsod sa mga kamay ni Nebucadnezar at kalaunan kay Alexander the Great.

### **Ang Pangitain ng mga Tuyong Buto: Isang Pangitain ng Pag-asa (Ezekiel 37)**

Noong 585 B.C., natanggap ni Ezekiel ang isa sa kanyang pinakakilalang pangitain—ang lambak ng tuyong mga buto. Sa pangitain, dinala ng Diyos si Ezekiel sa isang lambak na puno ng mga tuyong buto, na kumakatawan sa walang pag-asang kalagayan ng mga tao ng Israel. Ngunit habang ipinahayag ni Ezekiel ang salita ng Diyos sa mga buto, nagsimula silang gumalaw, at ang hininga ng Diyos ay pumasok sa kanila, binigyan sila ng buhay. Ang pangitaing ito ay sumasagisag sa muling pagbangon ng bayan at ang espiritwal na pagkabuhay muli ng Israel.

Nangako ang Diyos na bibigyan ng bagong buhay ang Kanyang bayan, ibabalik sila sa kanilang lupain, at pag-iisahin sila bilang isang bansa sa ilalim ng isang hinaharap na hari mula sa linya ni David—na siyang tumutukoy sa pagdating ng Mesiyas.

### **Ang Huling Labanan: Gog at Magog (Ezekiel 38-39)**

Nakita rin ni Ezekiel ang hinaharap na panahon kapag ang mga kaaway ng Israel ay tatayo laban sa kanila sa isang pangwakas na labanan, na pinamumunuan ng isang misteryosong pinuno na tinatawag na Gog mula sa lupain ng Magog. Ngunit mamamagitan ang makapangyarihang Diyos, lilipulin si Gog at ang kanyang mga hukbo, at muli, malalaman ng mga bansa na ang Diyos ng Israel ay pinakamakapangyarihan sa lahat.

### **Ang Pangitain ng Bagong Templo at Muling Pag-aayos ng Lupain (Ezekiel 40-48)**

Noong 573 B.C., binigyan si Ezekiel ng Diyos ng detalyadong pangitain ng isang bagong Templo, ang tahanan ng kaluwalhatian ng Diyos sa panghinaharap. Ang bagong Templong ito ay mas malaki at mas marangya kaysa sa Templo ni Solomon, na sumisimbolo sa muling pagbabalik ng kaluwalhatian ng Diyos sa Kanyang bayan. Inilarawan ni Ezekiel ang mga detalyadong sukat ng Templo, ang altar, at ang mga silid para sa mga pari.

Sa Ezekiel 47, nakita niya ang isang ilog na dumadaloy mula sa Templo, na nagbibigay-buhay saanman ito pumunta, maging ang maalat na tubig ng Dead Sea ay naging sariwa. Ang ilog na ito ay sumasagisag sa nagbibigay-buhay na presensya ng Diyos at sa muling pagbabago ng sangnilikha.

Sa huli, ipinakita kay Ezekiel kung paano hahatiin ang lupain ng Israel sa pagitan ng labindalawang tribo sa hinaharap. Ang pangalan ng bagong lungsod ay "Jehovah Shammah"—Ang Panginoon ay Naroon—isang tanda na muling mananahan ang Diyos kasama ng Kanyang bayan magpakailanman.

## **Pamanang Iniwan ni Ezekiel**

Ang ministryo ni Ezekiel ay tumagal ng higit sa dalawang dekada, mula 593 B.C. hanggang 571 B.C. Ang kanyang mga mensahe, bagama't puno ng babala ng hatol, ay may temang pag-asa at muling pagbangon. Pinaalala niya sa bayan na sa kabila ng kanilang pagsuway, hindi sila kinalimutan ng Diyos, at muli Niya silang ibabalik sa kanilang lupain at babaguhin ang kanilang mga puso.

Ang mga pangitain ni Ezekiel, mula sa kaluwalhatian ng Diyos na umalis sa Templo hanggang sa lambak ng mga tuyong buto, ay naging makapangyarihang larawan ng soberanya ng Diyos, paghatol, at pangako ng isang bagong tipan. Bilang kapwa pari at propeta, tumayo si Ezekiel bilang tulay sa pagitan ng luma at bago, na tumuturo sa hinaharap na pag-asa ng isang ipinanumbalik na Israel at ng darating na Mesiyas.

### **Multiple Choice:**

1. Alin sa mga sumusunod na pangyayari ang nagdulot kay Ezekiel na mapunta sa Babylonia?
  - a. Ang pagkawasak ng Jerusalem
  - b. Ang pagkatapon sa Babylonia na pinamumunuan ni Haring Nebuchadnezzar
  - c. Ang pagsalakay ng mga Romano
  - d. Ang pananakop ng Egypt
2. Ano ang isinasagisag ng scroll na ibinigay kay Ezekiel nang utusan siyang kainin ito?
  - a. Ang paghuhukom at kalungkutan na naghihintay sa Israel
  - b. Ang tamis ng pag-ibig ng Diyos
  - c. Ang kaunlaran ng Israel
  - d. Isang bagong tipan sa Diyos
3. Paano maia-apply nating mga Kristiyano ang papel ni Ezekiel bilang isang watchman sa panahon ngayon?
  - a. Ang mga Kristiyano ay tinawag upang balaan ang iba tungkol sa kasalanan at paghahatol habang nag-aalok ng pag-asa
  - b. Dapat hatulan ng mga Kristiyano ang iba para sa kanilang mga kasalanan
  - c. Ang mga Kristiyano ay hindi dapat magsalita tungkol sa kasalanan
  - d. Ang mga Kristiyano ay may pananagutan lamang para sa kanilang sariling kaligtasan
4. Bakit umalis ang kaluwalhatian ng Diyos sa Templo sa pangitain ni Ezekiel?
  - a. Dahil nawasak ang Templo
  - b. Dahil sa malalim na idolatriya at paghihimagsik ng mga tao
  - c. Nais ng Diyos na lumipat sa Babylon
  - d. Hiniling ito ng mga tao
5. Anong praktikal na mga hakbang ang maaaring gawin ng mga Kristiyano para maiwasang mahulog sa idolatriya, gaya ng mga tao noong panahon ni Ezekiel?
  - a. Unahin ang Diyos kaysa sa materyal na pag-aari o personal na pagnanasa
  - b. Dumalo sa mga serbisyo sa simbahan nang walang pakikipag-ugnayan sa puso
  - c. Huwag pansinin ang mga babala ng Kasulatan
  - d. Humanap ng makamundong tagumpay bilang tanda ng pabor ng Diyos

6. Ayon sa Ezekiel 11:19, ano ang ipinangako ng Diyos na ibibigay sa mga tao ng Israel upang palitan ang kanilang matigas na puso?
  - a. Isang korona ng kaluwalhatian
  - b. Kayamanan at kasaganaan
  - c. Isang pusong laman at isang bagong espiritu
  - d. Isang bagong hari
7. Sa pangitain ng ilog na umaagos mula sa bagong Templo (Ezekiel 47), paano kumakatawan sa gawain ng Diyos sa mundo ang simbolong ito?
  - a. Ang ilog ay kumakatawan sa umaapaw na paghatol ng Diyos
  - b. Ang ilog ay sumasagisag sa nagbibigay-buhay na presensya at pagpapanumbalik na nagmumula sa Diyos
  - c. Ang ilog ay kumakatawan sa pisikal na tubig sa Jerusalem
  - d. Iminumungkahi nito na ang mga pagpapala ng Diyos ay limitado sa Israel
8. Ang pangitain ni Ezekiel ng bagong puso (Ezekiel 36:26) ay nagsasalita tungkol sa pagbabago ng Diyos sa mga tao mula sa loob palabas. Paano natin mailalapat ang pangakong ito sa ating espirituwal na paglago?
  - a. Sikaping baguhin ang ugali nang hindi humihingi ng tulong sa Diyos
  - b. Tumutok lamang sa mga panlabas na pagkilos nang walang pakialam sa panloob na pagbabago
  - c. Maniwala na hindi natin kailangan ng anumang pagbabago dahil perpekto na tayo
  - d. Manalangin sa Diyos na baguhin ang ating mga puso at pagnanais na umayon sa Kanyang kalooban
9. Sa Ezekiel 37, ang lambak ng mga tuyong buto ay sumisimbolo sa muling pagkabuhay ng Israel bilang isang bansa. Anong katotohanan ang ipinahihiwatig ng pangitaing ito tungkol sa kapangyarihan ng Diyos?
  - a. Ang Diyos ay nababahala lamang sa pisikal na pagpapanumbalik
  - b. May kapangyarihan ang Diyos na ibalik kahit ang tila walang pag-asa at magdala ng espirituwal na buhay kung saan may kamatayan
  - c. Ang kapangyarihan ng Diyos ay limitado sa ilang mga sitwasyon
  - d. Ang kapangyarihan ng Diyos ay simboliko lamang at hindi totoo
10. Ang propesiya ng Gog at Magog (Ezekiel 38-39) ay nagpapakita ng isang dakilang labanan sa hinaharap. Ano ang itinuturo nito tungkol sa soberanya ng Diyos sa mga pangyayari sa daigdig?
  - a. Hindi alam ng Diyos ang mga pandaigdigang labanan
  - b. Ang soberanya ng Diyos ay limitado ng mga desisyon ng tao
  - c. Kinokontrol at nakikita ng Diyos ang lahat ng mga kaganapan sa kasaysayan, at ang Kanyang pinakahuling plano ay mananaig
  - d. Walang kontrol ang Diyos sa mga bansa

© Septmber 2024 Conrad Jun Tolosa

All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.